Staffordshire and Stoke-on-Trent Integrated Care System

NHS

Mga Tanong at Sagot:

# Pagbabakuna sa COVID-19 para sa mga buntis at nagpapasuso



# Buntis ka ba o kakapanganak lang?

## Lubos na inirerekomenda ang pagbabakuna sa COVID-19 sa lahat ng buntis at nagpapasuso.

Patuloy na kumakalat ang impeksyon sa COVID-19 at maaaring delikado ito para sa mga buntis. Ipinapakita ng pag-aaral na ligtas at epektibo ang mga bakuna sa COVID-19 at mapoprotektahan nito ang iyong hindi pa isinisilang na sanggol. Sa buong mundo at sa UK, libu-libong buntis ang ligtas na nabakunahan at nabuntis pagkatapos matanggap ang bakuna.

Mababasa mo sa leaflet na ito ang mga madalas itanong at mga sagot at payo ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan tungkol sa bakuna.

**Kung mayroon ka pang mga tanong pagkatapos mabasa ang leaflet na ito, pakikontak kami sa: ssotics.comms@nhs.net.**



# Buntis ako

## Maaari ba akong magka-COVID-19 dahil sa bakuna?

Hindi, imposibleng magka-COVID-19 dahil sa bakuna. Walang SARS COV2 virus ang bakuna. Kung nalaman mong buntis ka pagkatapos masimulan ang mga dosis ng bakuna, maari kang magpa-booster habang buntis gamit ang parehong brand ng bakuna (maliban na lang kung pinagbawalan ka ng doktor o midwife na magpabakuna).

## Pwede ba akong magpabakuna sa COVID-19 kasabay ng iba pang inirerekomendang bakuna, hal. bakuna sa Trangkaso?

Oo, maaaring isabay ang dosis ng bakuna sa COVID-19 o booster at iba pang inirerekomendang bakuna, gaya ng bakuna sa trangkaso at matinding ubo. Inirerekomenda ng JCVI (Joint Committee on Vaccination and Immunisation, Pinagsamang Komite sa Pagbabakuna at Immunisation) na magpabakuna para sa trangkaso at COVID-19 kapag inialok ito sa iyo dahil nakakatulong itong bawasan ang labis na pagsama ng iyong kalagayan kung magka-flu o COVID-19 ka. Maaari kang magpabakuna sa anumang punto ng iyong pagbubuntis, at hinihikayat kang magpabakuna sa lalong madaling panahon para matiyak ang proteksyon mo at ng iyong sanggol.

**Nakapagbakuna na ako ng una at pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19. Inirerekomenda ba ang booster sa mga buntis?**

Karapat-dapat kang turukan ng dosis ng booster ng bakuna sa COVID-19 12 linggo pagkatapos ng iyong pangalawang dosis. Inirerekomendang maturukan ka ng lahat ng available na dosis ng bakuna para lubos kang maprotektahan.





## Ano ang dosis ng booster, at paano ako makakakuha nito?

Karapat-dapat ang lahat na maturukan ng una at pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19. Ang mga taong immunosuppressed sa panahon ng kanilang una o pangalawang dosis ay aanyayahang maturukan ng ikatlong pangunahing dosis para mas palakasin ang kanilang immunity. Ang booster ay karagdagang dosis ng bakuna para mas palakasin ang iyong immunity. Ito ay dahil humihina ang immunity ng isang tao laban sa COVID-19 pagkatapos makatanggap ng isa, dalawa o alinmang magkasunod na dosis ng bakuna. Iaalok sa iyo ng klinika ng pagbabakuna ang angkop na dosis batay sa iyong kasalukuyang kalusugan at kondisyon.

## Natanggap ko na ang unang dosis ng bakuna sa COVID-19 at sobrang sama ng pakiramdam ko. Ganoon ba ulit ang mangyayari sa mga dosis ng booser?

Gaya ng lahat ng gamot, nagkaroon ang ilang tao ng banayad at panadaliang side effect dahil sa bakuna sa COVID-19, pero walang naranasang side effect ang iba. Kabilang sa mga pinakakaraniwang side effect ang pagkakaroon ng masakit, mabigat na pakiramdam at panglalambot ng braso na tinurukan, nakakaramdan ng pagod, sakit ng ulo, pananakit, at panginginig. Tatagal lang ito ng isa o dalawang araw. Dapat kang magpahinga, uminom ng maraming tubig, lalo na kung tumaas ang iyong temperatura at uminom ng paracetamol (mangyaring isaalang-alang ang iba pang iniinom mong gamot at sundin ang payo sa pakete).

Kung ang iyong mga sintomas ay lumubha, tumagal ng higit sa isang linggo o kung nag-aalala ka, kontakin ang **NHS 111**. Kung hihingi ka ng payo sa doktor o nars, tiyaking ipaalam sa kanila ang tungkol sa iyong pagbabakuna (ipakita sa kanila ang vaccination card) para masuri ka nilang mabuti.



## Aling punto ng pagbubuntis ang pinakamainam na magpabakuna sa COVID-19?

Ang Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI) ay isang independiyenteng komite sa pagpapayo ng dalubhasa na nagpapayo sa mga kagawaran ng kalusugan ng UK tungkol sa pagbabakuna. Inirerekomenda ng JCVI na magpabakuna sa COVID-19 ang mga buntis sa lalong madaling panahon – hindi kailangang maghintay na matapos ang panganganak.

Magandang proteksyon ang unang dosis ng bakuna sa COVID-19, pero kailangan kang mabakunahan sa tamang panahon para sa mas mabisang proteksyon. Dapat kang turukan ng ikalawang dosis 8 hanggang 12 linggo pagkatapos ng iyong unang dosis. Kung ipinagpaliban mo ang iyong pagbabakuna sa anumang dahilan, magpabakuna na kaagad sa lalong madaling panahon.

## Buntis ako at may mga problema sa immune. Nakakaapekto ba ang bakuna sa COVID-19 sa immune system ng buntis?

Kung buntis ka at may mga klinikal na kondisyon, mas nanganganib kang magkaroon ng malubhang komplikasyon mula sa COVID-19. Kaya mahalagang protektado ka ng lahat ng dosis ng bakuna para mapanatili kang ligtas at ang iyong sanggol.



# Kakapanganak ko pa lang

## Maaari ba akong magpabakuna sa COVID-19 kung nagpapasuso ako?

Ang Joint Committee on Vaccination and Immunisation (JCVI) ay isang independiyenteng komite sa pagpapayo ng dalubhasa na nagpapayo sa mga kagawaran ng kalusugan ng UK tungkol sa pagbabakuna. Sinabi ng JCVI na maaaring ibigay ang mga bakuna habang nagpapasuso. Naaayon ito sa mga rekomendasyon mula sa USA at World Health Organization. Hindi ka magkaka-COVID-19 mula sa mga bakuna, at hindi mo ito maipapasa sa iyong anak sa pamamagitan ng iyong gatas.





## Kung sobrang sama ng pakiramdam ko pagkatapos magpabakuna, ligtas bang uminom ng paracetamol kung nagpapasuso ako?

Karaniwang itinuturing na ligtas inumin ang paracetamol bilang pampawala ng sakit kapag ikaw ay nagpapasuso. Gayunpaman, baka gustuhin mong itanong muna ito sa iyong doktor kung ang iyong sanggol ay ipinanganak na premature o may partikular na medikal na kondisyon.

## Maaapektuhan ba ng bakuna sa COVID-19 ang aking fertility?

Walang mga patunay na nakakaapekto ang bakuna sa COVID-19 sa iyong fertility o pagkakataong mabuntis.

**Nag-aalala ako na baka sumakit ang braso ko pagkatapos magpabakuna, at paano ko kakargahin ang anak ko o paano ako magpapasuso.**

Pinakakaraniwang side effect pagkatapos magpabakuna sa COVID-19 ay ang pagkakaroon ng masakit, mabigat na pakiramdam at panglalambot ng braso na tinurukan. Tatagal lang ito ng isa o dalawang araw, at kahit pinakakaraniwan ito, hindi lahat ang nakararanas ng side effect na ito. Kung nakakainom ka ng paracetamol (mag-ingat sa ibang produkto na maaaring mayroon ding paracetamol na nangangahulugang lalagpas sa inirerekomendang pang-araw-araw na dosis ang iyong iinumin; laging tingnan ang listahan ng nilalaman) inirerekomendang uminom ng tamang dosis ng paracetamol para mawala ang sakit.



**Nahihirapan akong bumiyahe kasama ang bagong silang na sanggol at iba ko pang maliliit na anak. May iba pa bang paraan para makapagpabakuna bukod sa pagpunta sa sentro ng pagbabakuna?**

Ang National Booking Service (pagbu-book sa isang vaccination centre o itinalagang parmasya ng komunidad) ay nagbibigay ng pinakamalapit na available na lokasyon para makapagpa-appointment ka, na naglalayong bawasan ang oras ng iyong pagbiyahe para magpabakuna. Marami pang mapagpipilian, kabilang ang **lokal na mga walk-in centre** at nagpapalipat-lipat na mga klinika ng pagbabakuna.

Sa ilalim ng partikular na mga pagkakataon, maaaring ialok sa iyo ang mga dosis ng bakuna ng iyong GP practice o lokal na Hospital Hub (nakabase sa lokal na mga hospital na may mga NHS provider na nagbabakuna sa lugar na iyon). Kung natanggap mo ang iyong unang dosis sa isang GP service, aanyayahan ka ng parehong GP service para sa pangalawang dosis. Kung nakuha mo ang iyong unang dosis sa isang Hospital Hub, aanyayahan o makakapag-book ka para sa pangalawanag dosis sa parehong lokasyon.



Kung mayroon ka pang mga tanong pagkatapos mabasa ang leaflet na ito, pakikontak kami sa **ssotics.comms@nhs.net**.

Staffordshire and Stoke-on-Trent Integrated Care System